Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

# Paggamit ng Sanayang Papel sa Kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik

Cyril T. Molina
Graduate School, Naga College Foundation Inc, Naga City, Philippines
cyriltagongtong.molina@deped.gov.ph

Delia C. Villanueva
Graduate School, Naga College Foundation Inc, Naga City, Philippines
delvillanueva@ncf.edu.ph

Publication Date: March 25, 2026 DOI: 10.5281/zenodo.19329853

**Abstract**

Mahalaga ang paglinang ng kasanayan sa Wikang Pambansa dahil nakatutulong ito sa higit na epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito na tasahin ang kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Camaligan sa taong Panuruan 2025-2026, gayundin matukoy ang kabisaan ng paggamit ng nabuong sanayang papel bilang kagamitang pampagtuturo sa asigntaurang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-komaparatibong metodolohiya at ang ADDIE Model sa pagbuo ng materyal. May apatnapu't anim (46) na mag-aaral. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pre-test at post-test na pagsusulit na ginawa ng mananaliksik. Sinuri ang mga datos gamit ang Mean, Standard Deviation, Proficiency Level, Weighted Mean at t-Test for dependent samplesgayundin ang Cohen's d sa antas ng kabuluhan na 0.05. Ipinakita ng resulta na higit na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mga paksang madalas ituro at may kaugnayan sa karanasan, samantalang higit na mababa naman ito sa mga paksang may impluwensyang pangwika mula sa ibang panahon. Ipinakita rin ng mga natuklasan na epektibo ang paggamit ng sanayang papel sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino.

**Keywords***:* *Sanayang papel, Kasanayan sa Wikang Pambansa, Senior High School, Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*

## INTRODUKSIYON

Sa mabilis na pag - usad ng panahon, kinakailangan ang matibay na pundasyon ng edukasyon at kultura. Ang pinakamabisang kasagutan sa pahayag na ito ay ang pagpapatibay ng Wikang Pambansa at pagakakaroon ng epektibong kagamitang pampagkatuto bilang paraan sa pagtuturo. Sa Pilipinas, itinuturing

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

na Wikang Filipino ang Wikang Pambansa na nagiging tulay upang maisalin ang kaltura, tradisyon at paniniwala.

Sa kabilang dako, ang sanayang papel ay isang kagamitang pampagkatuto na ginagamit upang masuri ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagiging susi upang mahikayat at maging aktibo sa pakikibahagi ng talakayan lalo na sa pagkatuto. Sa katunayan, ito rin ang nagiging instrumento sa pagsukat ng kanilang kakayahan at kaalaman. Ayon sa Sustainable Global Development No. 4 at 10 ng United Nations, binibigyang diin ang kahalagahan ng de-kalidad na pagkakapantay pantay sa paglinang ng mahalagang kasanayan sa edukasyon kabilang ang pabuo ng sanayang papel.

Sa pag-aaral ni Vibar (2019), binanggit ang mga kasanayan tulad ng pagkuha ng pangunahin at mga kaugnay na detalye, paghihinuha, at pagbibigay ng kongklusyon. Ang kasanayan sa pagbasa ay nakakatulong sa akademikong tagumpay at pagpapalawak ng pag-unawa.

Gayundin, ayon kay Saucer (2021), ang pagbasa ay isang susi sa tagumpay ng mga mag-aaral, kaya't mahalaga ang pag-aalaga sa interes at motibasyon ng mambabasa. Ang paggamit ng angkop na teksto at gawain ay nakakatulong sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan sa pagbasa.

Itinatampok nina Interino (2019) at Cruz (2014) na ang mga modyul ay mas epektibong nagagamit kung ang mga ito ay naaayon sa interes, antas ng kasanayan, at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Tugon sa kakulangan ng mga angkop na materyales ang pagbuo ng modyul sa kasalukuyang pag-aaral na isinasaalang-alang ang iba't ibang antas ng kasanayan sa pagbasa.

Ayon naman kina Gonzales (2018), sinusuportahan nina Tomlinson at Richards ang ideang ang mga kagamitang panturo ay dapat magbigay ng praktikal na aplikasyon, kontekstuwal na paggamit ng wika, at mas malalim na ugnayan sa kultura. Gayundin, ang paggamit ng mga gawain sa modyul gaya ng workbook exercises ay napatunayang epektibo sa pagpapataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral.

Sa huli, binigyang-diin din nina Villafuerte (2019) at Taday (2017) na mahalaga ang papel ng guro sa gabay na pagbasa o guided reading at sa epektibong pagpaplano ng aralin. Ang modyul sa kasalukuyang pag-aaral ay isinama ang mga estratehiyang ito upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas epektibong pagkatuto.

Ang pananaliksik na ito ay naglayong tukuyin ang epekto ng paggamit sanayang papel sa kasanayan ng Wikang Pambansa ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Camaligan. Ang mga sumusunod na tiyak na layunin ay naisakatuparan para sa pag-aaral na ito: Una, masukat ang antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral ayon sa panahon ng Kastila, rebolusyong Pilipino, Amerikano, at Hapon bago gamitin ang nabuong sanayang papel. Pangalawa, makabuo ng sanayang papel sa kasanayan ng Wikang Pambansa ng mga mag-aaral sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Pangatlo, masuri ang antas ng kasanayan ng mag-aaral pagkatapos ng paggamit ng sanayang papel. Pang - apat ay matukoy ang pagkakaiba ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga magaaral bago at pagkatapos ng paggamit ng sanayang papel. Panghuli, matukoy ang epekto ng sanayang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang pagkakaiba ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng sanayang papel at matukoy ang epekto ng sanayang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

## METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito ginamit ang deskriptibo-komparatibong metodo ng pananaliksik. Ang deskriptibong pamamaraan ay ginamit upang matukoy at mailarawan ang antas at kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral sa Information Communication and Technology at Carpentry. Kasama rin dito ang dokumentasyon ng proseso ng pagbuo at paggamit. Ang mga mag-aaral ay tinaya sa pamamagitan ng pre test at post tes upang malaman ang epektibidad ng sanayang papel.

Ang pamantayang ginamit sa pagpili ng mga respondente ay ang pagiging kasalukuyang nakaenrol sa nasabing strand. Ginamit sa pananaliksik ang purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay makapagbibigay ng makabuluhang datos na sumusuporta sa layunin ng pag-aaral.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ang teacher-made test. Ang pagsusulit na ito ay nilikha upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Pambansa sa iba't ibang panahon, kabilang ang panahon ng Kastila, Rebolusyong Pilipino, Hapon, at Amerikano, bago at pagkatapos gamitin ang sanayang papel. Binubuo ito ng malinaw na panuto at 40 aytems na pawang mga tanong sa anyo ng maramihang pagpipilian, kasama ang answer key bilang gabay sa guro. Iba ang pagkakasunod-sunod ng mga items sa pre-test at post-test upang maiwasan ang pagkopya o bias sa sagot.

Sa pagsasagawa ng pag-aaral dumaan ito sa ilang mahahalagang hakbang. Una, tinukoy ang problema sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri sa kasalukuyang sitwasyon ng antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral. Matapos ang pag-apruba ng pamagat at pagkakaroon ng pahintulot mula sa paaralan ang mga kagamitan sa pananaliksik. Sinuri ng mga eksperto ang mga teacher made test upang matiyak ang kanilang kalidad. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng paunang pagtataya bago ipatupad ang sanayang papel. Sa loob ng labinlimang ginamit ng mga mag aaral ang sanayang papel bago sumailalim sa panapos na pagtataya upang masukat ang naging pagbabago sa kanilang kasanayan.

Sa pagsusuri ng datos ginamit ang iba't ibang estadistikal na kagamitan upang matiyak ang makabuluhang interpretasyon ng mga resulta. Ang mean ay ginamit upang ipakita ang pangkalahatang antas ng mga mag-aaral matapos gamitin ang sanayang papel, habang ang standard deviation ay ginamit upang masukat ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga marka. Sinuri rin ang paire t -Test upang masukat kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang sanayang papel. Ang Conhens D upang masukat kung gaano kaepektibo ang sanayang papel sa pagpapaunlad ng kasaysayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng sanayang papel. Ginamit ang ADDIE model bilang pangunahing gabay, isinagawa ang proseso mula sa pagsusuri ng pangangailangan hanggang sa pagsusuri ng kasiyahan ng mga mag-aaral.

**RESULTA**

**Talahanayan 1. Distribusyon ng mga Respondente**

| Istrand | Respondiyente | Porsyento |
|---|---|---|
| **Information and Communication Technoloy** | 24 | 52.18 |
| **CARPENTRY** | 22 | 47.82 |
| **Kabuoan** | 46 | 100 |

**Talahanayan 2. Antas ng Kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga Mag-aaral**

| Kasanayan | Aytems | Mean | Standard Deviation | Antas ng Kasanayan | Interpretasyon | Antas |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kastila | 10 | 3.89 | 1.57 | 38.91 | D | 4 |
| Rebolusyong Pilipino | 10 | 5.13 | 1.85 | 51.30 | AP | 3 |
| Amerikano | 10 | 5.22 | 1.95 | 52.17 | AP | 2 |
| Hapon | 10 | 5.24 | 2.00 | 52.39 | AP | 1 |
| Kabuoan | 40 | 19.28 | 1.53 | 48.20 | Nalalapit sa Antas ng Kasanayan o (Approaching Proficiency) | |

Tala. Ang interpretasyon ng mga halaga ay nakabatay sa mga sumusunod na saklaw: 75.0 hanggang 100 ay Masinop (Proficient - P); 50.0 hanggang 74.9 ay Nalalapit sa Antas ng Kasanayan (Approaching Proficiency - AP); 25.0 hanggang 49.9 ay Umuunlad (Developing - D); at 0 hanggang 24.9 ay Nagsisimula (Beginning - B).

| **Saklaw** | **Interpretasyon** |
|---|---|
| 3.26 hanggang 4.00 | Nakakasiya-siya (Very Satisfactory - VS) |
| 2.51 hanggang 3.25 | Kasiya-siya (Satisfactory - S) |
| 1.76 hanggang 2.50 | Di-kasiya-siya (Proficient - P) |
| 1.00 hanggang 1.75 | Hindi Kasiya-siya (Unsatisfactory - U) |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

**PORMAT at DISENYO NG MODYUL**

Inilalahad ng resulta ng pag-aaral na ang nabuong sanayang papel ay may malinaw at sistematikong disenyo na tumutugon sa layuning mapaunlad ang kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral sa Information and Communication Technology at Carpentry. Naglalaman ito ng mga bahagi tulad ng pabalat, kasanayang pampagkatuto, nilalaman ng pagkatuto, gawain sa pagkatuto at pagtataya sa pagkatuto.

Layunin ng Pagkatuto. Ito ay isang planong inilalapat sa paggawa ng mga gawain at aktibidad sa sanayang papel na nakabatay sa pagtamo ng mga mismong layunin sa pagkatuto. Ang disenyo ay naglalaman ng mga tanong, gawain, o aktibidad na nakatutulong sa mga mag-aaral na maipakita, mapalawak, at mapalakas ang kanilang kasanayan at kaalaman ayon sa mga inaasahang resulta o target na kompetensya sa aralin. Castillo, (2025)

Nilalaman ng Pagkatuto. Ito ay ang estruktura at organisasyon ng mga gawain, tanong, o aktibidad sa isang sanayang papel na nakabatay sa mga mismong paksa, konsepto, o kasanayan na nais matutunan o mapalawak ng mga mag-aaral. Ang disenyo ay naglalaman ng mga materyal na sumusuporta sa pagtuturo ng mga nilalaman na may layuning mapalalim ang pag-unawa at makamit ang mga inilaang layunin sa kurikulum. Liwanag, (2022)

Gawain sa Pagkatuto. Mga instruksyon o aktibidad na naglalayong hikayatin ang mag-aaral na magsagawa ng mga pagsusuri, pagsasanay, o refleksyon upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa aralin, at maisabuhay ang kanilang natutunan sa kontekstong panlipunan at wika. Villanueva, et. al. (2023)

Pagtataya sa Pagkatuto. Isang sistematikong paraan ng pagsusuri na ginagamit upang masukat ang progreso, kakayahan, at pag-unlad ng mga mag-aaral sa isang partikular na aralin o gawain. Ito ay mahalaga upang malaman kung kailangan pa bang magbigay ng karagdagang suporta o kung handa na ang mag-aaral na magpatuloy sa susunod na yugto ng pagkatuto. Mejorado at Victoria (2025)

Sa pangkalahatan, ang kagamitang pampagkatuto na sanayang papel sa Wikang Pambansa at itinuturing na epektibo sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang maayos na daloy ng sanayang papel ay mula sa pinakamadali patungo sa pinakamahirap na kasanayan ay nakatulong sa mas epektibong pagkatuto, gaya ng inilahad sa Performance Theory ni Elger (Maleon, 2022).

**Talahanayan 4. Pagkakaiba ng Kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga Mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng Sanayang Papel**

| Paired Sample t-Test | | t Statistic | df | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pre test Score | Post test Score | 9.66 | 45 | <.001 | Makabuluhan o Significant |
| $H_a$ μMeasure 1 - Measure 2 > 0 | | | - | | |

**Tala:** t = Student's t na estadistika; df = Degrees of Freedom o antas ng kalayaan. Ang interpretasyon ng p-value ay makabuluhan kapag ang p-value ay mas mababa sa 0.05.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

**Talahanayan 5. Epekto ng Worksheet sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga Mag-aaral**

| Mga Isinagawang Pagsusuri | Mean | SD | n | Sukat ng Epekto | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pre test** | 19.28 | 1.53 | 46 | Cohen's d | 1.425 | Napakalaking Epekto o Very Large |
| **Post test** | 24.84 | 1.82 | 46 | | | |

**Tala. SD = Standard Deviation; n = bilang ng mga respondente; Ang interpretasyon ng Cohen's d Effect Size ay batay sa sumusunod na saklaw: 1.30 pataas = Napakakalaking Epekto (Very Large) ; 0.80 hanggang 1.19 = Malaking Epekto o (Large Effect); 0.50 hanggang 0.79 = Katamtamang Epekto o Moderate Effect; 0.20 hanggang 0.49 = Maliit na Epekto o (Small Effect); 0.19 pababa = Halos Walang Epekto o (Negligible Effect).**

**Pagtatalakay**

Sa yugtong ito, ipinakita at sinuri ang mga datos upang mailarawan ang pagbabago sa antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mag-aaral sa Information and Communication Technology at Carpentry matapos gamitin ang nabuong sanayang papel. Layunin ng pagsusuri na matukoy kung paano nakaapekto ang interbensiyong ito sa kanilang antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa. Ang mga resulta mula sa pauna at panapos na pagtataya ay naging batayan sa pagtatasa ng bisa ng sanayang papel bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Wikang Pambansa.

Ipinakita ng talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente batay sa strand: sa unang hanay, ang Information and Communication Technoloy ay may kabuoang 24 respondente na may 52.18%, habang ang istrand ng Carpentry ay may 22 respondyente na may 47.82%. Sa kabuoan, nakapagtala ng 46 respondente at may kabuoang prsyentong 100.

Lumitaw sa Talahanayan 2 ang antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang yugto ng kasaysayan. Pinakamataas ang antas ng kasanayan sa panahon ng Hapon, na may Percentage Level na 52.39%, na may interpretasyong Nalalapit sa Antas ng Kasanayan (Approaching Proficiency) at nasa antas 1. Sinundan ito ng panahon ng Amerikano na may 52.17%, kabilang din sa Nalalapit sa Antas ng Kasanayan at nasa antas 2, at ang Rebolusyong Pilipino na may 51.30%, nasa parehong interpretasyon at antas 3. Ang pinakamababang antas ng kasanayan ay naitala sa panahon ng Kastila, na may 38.91% at interpretasyong Umuunlad (Developing), nasa antas 4. Sa kabuoan, nakapagtala ang mga mag-aaral ng 48.20%, na nagpapahiwatig na sila ay nasa antas na Nalalapit sa Antas ng Kasanayan (Approaching Proficiency). Lumilitaw sa interpretasyon na ito na mas mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Pambansa sa mga yugtong Hapon, Amerikano, at Rebolusyong Pilipino, habang pinakamababa naman sa panahon ng Kastila. Ipinapahiwatig nito na ang karanasan at impluwensya ng bawat panahon ay maaaring nakaapekto sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Bagaman nasa Approaching Proficiency ang kabuoang kasanayan, malinaw na may kakulangan sa ganap na pag-unlad

lalo na sa konteksto ng panahon ng Kastila. Sinusuportahan ng mga pag-aaral nina Donasco (2023) at Cavan Jr. (2022) na nakatutulong ang activity sheets at worksheets sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika, habang ipinakita nina Wahyudi at Samama na ang paggamit ng authentic at visual materials ay nagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ipinakita nina Wang at Chuang (2024) at Sun at Rogers (2021) na ang kumpiyansa sa paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Samantala, ang mababang kasanayan sa Kastila ay nagpapakita ng pangangailangan sa karagdagang pagsasanay at self-directed learning, na sinusuportahan nina Pratibha (2017) at Merueña (2021).

Mahihinuha sa resulta ng pag-aaral na ang nabuong sanayang papel ay isang panukalang kagamitang idinisenyo upang mapataas ang antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral sa Information and Communication Technology. Ang disenyo ng sanayang papel ay sistematikong binuo na may malinaw na layunin, mga nilalaman, at interaktibong mga gawain. Ito ay nahahati sa apat na pangunahing bahagi gaya ng kasanayan sa pampagkatuto, layunin ng pampagkatuto, nilalaman ng pampagkatuto, gawain sa pampagkatuto at pagtataya sa pampagkatuto na iniangkla sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng Kagawaran ng Edukasyon. Una, ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ay sinuri batay sa resulta ng paggamit ng nabuong sanayang papel na nakabatay sa mga kasanayang itinakda sa Most Essential Learning Competencies. Lumabas sa pagsusuri na ang sistematikong paggamit ng mga gawain at pagsasanay sa bawat bahagi ng aralin ay nakatulong upang mapalawak ang bokabularyo, mapalalim ang pag-unawa, at malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Pambansa. Ipinakita rin ng resulta na tumaas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral matapos gamitin ang sanayang papel, kung saan mas maraming mag-aaral ang umabot sa antas na Papunta sa Kasanayan o Approaching Proficiency kumpara sa resulta bago ipatupad ang interbensiyon. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng angkop na kagamitang panturo tulad ng sanayang papel ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika at sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpapakita na ang maayos at organisadong instructional materials ay nakatutulong sa pagtaas ng motibasyon at pagganap ng mga mag-aaral (Sabayton et al., 2023; Calam, Salinas, at Laput, 2023; Dela Mines, 2025). Gayundin, natuklasan nina Ortiz at Ramos (2024) na ang sistematikong pagdidisenyo ng mga kagamitang panturo ayon sa pangangailangan ng mag-aaral ay nagdudulot ng makabuluhang pagbuti sa pagkatuto at partisipasyon sa klase. Ipinapakita nito na ang mahusay na disenyo ng instructional materials ay mahalagang salik sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ay umaayon sa Constructivist Learning Theory na nagsasabing mas epektibo ang pagkatuto kapag aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga gawain na nagtataguyod ng pagbuo ng sariling kaalaman. Sa paggamit ng sanayang papel, nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong gamitin, suriin, at ilapat ang Wikang Pambansa sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto.

Ipinakita na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang sanayang papel ay nasa saklaw ng Approaching Proficiency (AP) sa lahat ng apat na panahon ng kasaysayan. Ang Panahon ng Hapon ang may pinakamataas na antas ng kasanayan, na may mean na 7.13 at proficiency level na 71.30, kaya ito ang anats bilang una. Sinusundan naman ng Panahon ng Amerikano na may mean na 6.43 at proficiency level na 64.35, at Rebolusyong Pilipino na may mean na 6.17 at proficiency level na 61.74. Ang Panahon ng Kastila ang may pinakamababang marka, na may mean na 5.28 at proficiency level na 52.83, kaya ito ang antas bilang pang-apat. Sa kabuuan, ang apat na panahon ay may total mean na 24.84 at kabuoang proficiency level na 62.09, na nangangahulugang ang pangkalahatang kasanayan ng mga mag-aaral ay nasa Papunta sa Kasanayan o "Approaching Proficiency" pagkatapos gamitin ang sanayang papel. Ang makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga mag-aaral ay maaaring maiugnay sa sistematikong disenyo at implementasyon ng sanayang papel, na nakatuon sa pangunahing konsepto ng Wikang Pambansa at may malinaw na istruktura. Ang interactive at sequenced na mga gawain nito, kasabay ng gabay at feedback mula sa guro, ay nagbigay ng maraming pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay at mailapat ang natutunan, na nagresulta sa mas mataas na post-test scores. Ang resulta ay umaayon sa mga pag-aaral

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 3 (2026)

nina Sabayton et al. (2023), Calam, Salinas, at Laput (2023), at Dela Mines (2025), na nagpapakita ng positibong epekto ng well-designed instructional materials sa motibasyon, pagkatuto, at academic performance. Bukod dito, ang pagtaas ng kasanayan ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng Schema Theory, kung saan ang maayos na pagkakasunod-sunod ng gawain ay tumutulong sa mga mag-aaral na iugnay ang bagong kaalaman sa kanilang umiiral na mental frameworks. Sa ganitong paraan, ang sanayang papel ay nagsisilbing epektibong kasangkapan upang mapalawak, mapatibay, at maipakita ang ugnayan ng kaalaman sa loob ng isip ng mag-aaral.

Ipinakita sa Talahanayan 5 ang epekto ng sanayang papel sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Pambansa. Sa pre-test, ang mean score ay 19.28 na may standard deviation na 1.53, habang sa post-test, tumaas ang mean score sa 24.84 na may Standard Deviation na 1.82, parehong may bilang ng respondente na 46. Ang Cohen's d effect size para sa pre at post-test ay 1.425 na nagpapahiwatig din ng Napakalaking Epekto o "Very Large effect." Ipinakita ng estadistika na ang paggamit ng worksheet ay may napakalaking epekto sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Pambansa. Napatunayan na ang mataas na epekto ng sanayang papel ay bunga ng estrukturado at maingat na disenyo nito, na tumutugon sa layunin ng aralin at kasanayan ng mag-aaral. Ang interactive at sequenced na mga gawain, kasabay ng gabay at feedback ng guro, ay nagbigay ng maraming pagkakataon sa mag-aaral na magsanay, magnilay, at mailapat ang natutunan sa Wikang Pambansa. Ang resulta ay sumusuporta sa mga pag-aaral nina Reyes (2022) at Sagot (2022), na nagpapakita ng positibong epekto ng maayos at well-organized instructional materials sa learning outcomes at motibasyon ng mag-aaral. Ang makabuluhang pagtaas sa kasanayan ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Instructional Design Theory, na nagsasabing mas epektibo ang pagkatuto kapag sistematikong idinisenyo ang mga aktibidad upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral at layunin ng pagkatuto. Sa paggamit ng sanayang papel, nagkaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong ilapat, suriin, at palalimin ang kanilang kaalaman, na nagpapatunay sa bisa ng maingat na disenyo at implementasyon. Sa kabuuan, ang sanayang papel ay epektibong kasangkapan sa pagpapataas ng kasanayan at mas malalim na pag-unawa sa Wikang Pambansa.

**Konklusyon**

Mula sa mga datos, pagsusuri, at interpretasyong isinagawa sa pag-aaral na ito, malinaw na ang ginawang sanayang papel ay may positibong epekto sa pagpapabuti ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral mula Information and Communication Technology at Carpentry. Ang sanayang papel ay napatunayang epektibo hindi lamang sa pagtamo ng mga layunin sa pagkatuto kundi maging sa pagpapataas ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pauna at panapos na pagtataya ay nagpapakita na may malaking ambag ang sanayng papel sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Mula sa mga resultang ito nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

Una, mas mataas ang kasanayan ng mag-aaral sa paksang madalas ituro at kaugnay sa kanilang karanasan; mababa sa paksang may lumang impluwensiyang pangwika. Pangalawa, epektibo ang sanayang papel sa pagpapalalim ng pag-unawa at kasanayan sa Wikang Pambansa.

Pangatlo, mataas ang kasiyahan sa materyal, ngunit kailangan pang ayusin ang daloy, kalidad ng papel, at kaligtasan. Panglima, ipinapakita ng resulta na ang sanayang papel ay epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Wikang Pambansa at dapat itong maging pangunahing materyal sa pagtuturo.

**Rekomendasyon**

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, napatunayang ang nabuong sanayang papel ay naging epektibo sa pagpapahusay ng antas ng kasanayan sa Wikang Pambansa ng mga mag-aaral upang mapaunlad pa ang sanayang papel nais imungkahi ng mananaliksik ang sumusunod:

Una, ipagpatuloy ng mga guro ang paggamit ng sanayang papel sa pagtuturo ng Wikang Pambansa, lalo na sa mga aralin na may kaugnayan sa karanasan at kaalaman ng mag-aaral. Pangalawa, siguraduhing may malinaw na hakbang at kontekstwalisadong gawain sa sanayang papel upang mapalalim ang pag-unawa at maipakita ang ugnayan ng wika, kultura, at pambansang identidad.

Pangatlo, ayusin ang daloy ng ideya, kalidad ng papel, at kaligtasang impormasyon sa sanayang papel upang mas mapabuti ang karanasan ng mag-aaral. Pang apat, magsagawa ng regular na pagtataya at pagbibigay ng feedback upang masubaybayan ang progreso at mapaigting ang paggamit ng sanayang papel bilang modelo ng iba pang materyales.

**Sanggunian**

Calam, R. A., Salinas, J. E., & Laput, D. M. (2023). Interactive instructional reading materials for struggling readers. Journal of Language Education and Practice, 14(1), 45–60. https://journal.hmjournals.com/index.php/JLEP/article/view/534

Castillo, D. (2025). Proficiency in text writing and development of workbook in guided writing. International Journal of Arts, Sciences and Education, 6(2), 343–352.

Cruz, I. (2014). Contextualized Subjects. September 22, 2022.

Dela Mines, R., & Cajucom, E. (2022). An evaluation of proposed General Chemistry learning modules by experts and teachers. International Journal of Chemistry Education Research, 6(2), 108–116. https://doi.org/10.20885/ijcer.vol6.iss2.art7

Gonzales, M. O (2018). "Gawaing Pagsasanay sa Pagbasa: Isang Maagap na Interbensyon para sa Paglinang ng Kasanayan sa Mabillis na Pag-unawa sa Binasa ng mga mag-aaral ng Lumot National High School." Di-nailathalang Master's Tesis, Laguna State Polytechnic University, Santa Cruz, Laguna.

Interino, L. S (2019). Salik na Nakaaapekto sa Pag-unawa sa Pagbasa ng Junior High School sa Libmanan District. Di-nailathalang Master's Tesis ng Naga College Foundation. Lungsod Naga.

Liwanag, M. H. H. (2022). Larong tabletop na isabuhay: Mga paunang puna sa pagpapaunlad ng disenyong laro ng isang game-based learning na materyal. Malay Journal, 34(2), 8.

Mejorado, A. C., & Victoria, V. A. (2025). MODYUL SA PAGPAPAUNLAD NG ANTAS AT KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 8. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(4), 1702–1716. https://doi.org/10.5281/zenodo.15342421

Molina, R. (2019). Development of an instrument to measure practical research competencies in senior high school. International Journal of Educational Researchers, 10(4), 20–36.

Ortiz, C. M., & Ramos, E. T. (2024). Systematic instructional design and its impact on post-test performance and classroom engagement. International Journal of Instructional Design Studies, 9(3), 130–145.

Pratibha, M. (2017). Promoting self-learning in developing communication skills of technical students. IRA International Journal of Education and Multidisciplinary Studies, 6(1), 1-8.

Sabayton, K. M., Alvarado, R. M., Bacus, J., & Baluyos, G. (2023). Instructional materials motivation and synchronous classroom learning in relation to the students' academic performance in mathematics. EduLine: Journal of Education and Learning Innovation, 3(3), 420–430. https://doi.org/10.35877/454RI.eduline1988

Saucer, A. B. (2021). The impact of technology on modern education. Journal of Educational Research, 45(2), 123-135.

Taday, M. A. (2017). Debelopment at Katanggapan ng Konstruktibismong Gabay sa Pagtuturo ng mga Kasanayan sa Filipino. Di Nailathalang Tesis ng Pamantasan ng Nueva Caceres. Lungsod Naga

Vibar, M. A (2019). Mga Gawain sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag aaral sa Baitang 7. Di-nailathalang Master's Tesis ng University of Rizal System. Morong Rizal.

Villafuerte, E. P. et al, (2019). Pagtuturpo sa Filipino. Mga Teorya at Praktik Valenzuela: Mutya Publishing House Inc.

Villanueva, V. M. (2021). Makabayang pedagohiya: Pagdalumat, proseso, at output. Malay Journal, 33(2), 8.